



MGA MAPAGKUKUNAN PARA SA MGA IMIGRANTENG TAGA-NEW YORK

ANUMAN ANG IYONG KATAYUAN SA IMIGRASYON, NANDITO ANG LUNGSOD NG NEW YORK PARA TUMULONG.



Legal na Tulong sa Imigrasyon

Para sa libre at ligtas na legal na tulong sa imigrasyon, tumawag sa **800-354-0365**, mula Lunes hanggang Biyernes, 9AM hanggang 6PM.



ID Card sa NYC

Mag-apply para sa **IDNYC**, ang libreng munisipal na ID card para sa lahat ng residente ng NYC na may edad na 10 at pataas. Mag-renew online o para magpa-appointment para mag-enroll, tumawag sa **311** o pumunta sa **nyc.gov/idnyc**



Mga Klase sa Ingles

Kumuha ng libreng Ingles anumang oras, kahit saan. Pumunta sa **wespeaknyc.cityofnewyork.us** para sa higit pang impormasyon.



Pangangalagang Pangkalusugan

Ang **NYC Health + Hospitals (H+H)** H+H ay maaaring magbigay ng pang-emergency na pangangalaga, pangunahing pangangalagang pangkalusugan, mga check-up, bakuna, at marami pa. Tumawag sa **1-844-NYC-4NYC (1-844-692-4692)** para idirekta sa center na pinakamalapit sa iyo. Para mag-enroll sa mga insurance plan sa kalusugan, kasama ang programang **NYC Care**, tumawag sa **646-NYC-CARE (646-692-2273)** o pumunta sa **nyccare.nyc**



Kalusugan ng Isip

Para sa kumpidensyal na suporta at mga koneksyon sa pangangalaga ng kalusugan ng isip at mga mapagkukunan para sa pag-abuso sa paggamit ng droga o pag-inom ng alak, tumawag sa **888-692-9355** o **988**, i-text ang **WELL** sa **65173** o pumunta **mentalhealthforall.nyc.gov**



Mga Emergency

Sa isang emergency, tumawag sa **911**. Ang emergency ay anumang sitwasyon na nangangailangan ng agarang tulong mula sa pulis, bumbero, o ambulansya. Ayon sa batas, hindi maaaring magtanong ang Pulisya ng Lungsod ng New York tungkol sa katayuan sa imigrasyon ng mga biktima ng krimen, saksi, o iba pang tao na hihingi ng tulong.



Edukasyong Pampubliko

Ang lahat ng bata sa NYC na may edad na 4-21 ay maaaring pumasok sa pampublikong paaralan. Para mag-enroll, pumunta sa **schools.nyc.gov/fwc** o tumawag sa **311**.



Mga Pangkalahatang Mapagkukunan at Impormasyon sa Lungsod

Kailangan ng access sa mga mapagkukunan sa lungsod o may gusto ka bang i-report na problema? Tumawag sa **311** o pumunta sa **portal.311.nyc.gov**



Hotline ng Mga Ugnayan sa Imigrante sa NYC

Tumawag sa aming hotline sa **212-788-7654** mula Lunes hanggang Biyernes, 9AM hanggang 5PM, o mag-email sa amin sa **askmoia@cityhall.nyc.gov**



MGA MAPAGKUKUNAN PARA SA MGA IMIGRANTENG TAGA-NEW YORK

ANUMAN ANG IYONG KATAYUAN SA IMIGRASYON, MAYROON KANG MGA KARAPATAN.

Iwasan ang Panloloko sa Imigrasyon

Kung kailangan mo ng legal na payo tungkol sa imigrasyon, pumunta lang sa lisensyadong abugado o accredited na kinatawan. Mahahanap mo ang listahan ng mga accredited at kinikilalang provider sa nyc.gov/immigrants.

Mga Karapatan sa Pagpapatupad ng Imigrasyon

Hindi nagsasagawa ang NYC ng pagpapatupad ng imigrasyon. Kung may lalapit sa iyong pederal na nagpapatupad ng imigrasyon, may mga karapatan ka. Pumunta sa nyc.gov/knowyourrights o tumawag sa aming libreng legal na hotline para sa imigrasyon sa **800-354-0365**.

Mga Karapatan ng Mga Manggagawa

May karapatan ka sa may bayad na pagliban sa trabaho kapag may sakit (sick leave), pinakamababang sahod, bayad para sa overtime at marami pa sa ilalim ng batas ng Lungsod ng New York. Pumunta sa nyc.gov/workers para sa mga mapagkukunan o tumawag sa **212-436-0381**.

Mag-report ng Diskriminasyon

Ang pangha-harass at diskriminasyon ay labag sa batas sa ilalim ng batas sa Mga Karapatang Pantao ng NYC. Para mag-report ng insidente ng diskriminasyon, pakitawagan ang **212-416-0197**.

Mga Proteksyon Laban sa Karahasan sa Tahanan

Nandito ang NYC para tulungan ka kung ikaw ay nakakaranas ng pang-aabuso. Maaari kang pumunta sa nyc.gov/nychope o tumawag sa Hotline sa Karahasan sa Tahanan ng NYC sa **800-621-HOPE**.

Mga Karapatan ng Nangungupahan

Kailangan mo ba ng tulong sa anumang isyu na may kaugnayan sa pagpapaalis sa tinitirhan (eviction) o sa iyong landlord? Pumunta sa nyc.gov/tenantprotection o tumawag sa **311** at sabihing **"tenant helpline"** para sa libreng legal na tulong.

Karapatan para sa Pansamantalang Tirahan (Shelter)

May karapatan kang humiling ng pansamantalang tirahan kung ikaw ay walang tirahan. Ma-access ang mga serbisyo para sa pansamantalang tirahan sa pamamagitan ng pagbisita sa itinalagang intake center ng Departamento ng Mga Serbisyo para sa Walang Tirahan (Department of Homeless Services, DHS). Alamin pa sa pamamagitan ng pagtawag sa **311**.

Proteksyon ng Consumer

May mga problema sa negosyo? Bilang consumer, may mga karapatan ka. Magsampa ng reklamo sa pamamagitan ng pagpunta sa nyc.gov/consumers o tumawag sa **311**.